# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

NAME ________________________________________________

Tukuyin ang mga katangian na nagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Dumating ang iyong kamag-anak galing probinsiya. Mamamalagi sila ng iláng araw sa inyong bahay. Ano ang gagawin mo?
A. Hindi ko sila papansinin.
B. Batiin sila nang maayos at patuluyin.
C. Magkunwaring masaya ako sa pagdating nila.
D. Ipapakita ko na hindi ako masaya sa pagdating nila.

2. May bago kayong kamag-aaral. Galing siya sa malayong bayan. Madalas siya ay malungkot sapagkat wala pa siyang kakilala. Ano ang dapat mong gawin? A. Hayaan na lamang siya.
B. Batiin at kaibiganin siya.
C. Huwag siyang pansinin.
D. Sabihan na huwag na lamang siyang pumasok.

3. Pauwi na si Erwin nang may nakasalubong siyang taga-ibang bayan na nagtatanong. Paano niya ito pakikitunguhan?
A. Huwag itong kausapin.
B. Kausapin nang may pagyayabang.
C. Umiling lamang kapag kinakausap.
D. Magiliw na kausapin nang may paggalang.

4. Kapitbahay ninyo ang mag-anak na Cruz. Madalas silang kapusin sa budget. Ano ang maaari mong gawin?
A. Kausapin ang mga magulang mo na tulungan sila. B. Ikuwento at pag-usapan ninyong magkakaibigan.
C. Pagtawanan sila.
D. Kutyain sila.

5. Napansin mo ang isang matanda na nahihirapang tumawid sa kalsada. Ano ang gagawin mo?
A. Panoorin lámang kung paano makakatawid ang matanda.
B. Magiliw na tulungang tumawid ang matanda.
C. Sigawan ang matanda at takutin ito.
D. Pagtawanan ang matanda.

LIVEWORKSHEETS